Nilulunasan Ang Gutom Sa Siudad, Ani Guinto

(*Karugtong ng nasa pahina 4*)

Pangkabuhayan. Kung ang lahat ng pinaglakip na lakas na ito ay nabigo sa paghahatid ng bigas sa Maynila, ipinalalagay ni Gobernador Militar Guinto na isang kawalangkatarungan ang pagbabagsak ng buong kasalanan sa kanyang balikat.

Tinukoy niya ang ibaibang dahilan ng dinaranas na kadahupan at kamahalan ng pagkaing dumarating sa Siudad. Ang transportasion at hirap ng paglalakbay, ang kompetensia sa pamimili, ang kahigpitan at panghaharang sa mga dinaraanan hanggang sa Maynila, ay ilan lamang sa mga sanhing nagbubunga ng kasalukuyang krisis sa bigas at ibang pagkain, ayon sa kanya.

"Sa harap ng mga pangyayaring iyan ay tila hindi makagagawa ng milagro ang isang alkalde na ang kapangyarihan ay hindi lumalagpas sa mga hangganan ng kanyang siudad," ani G. Guinto.

Sinabi niyang ang siudad ng Bagyo ay maaaring nakasumpong ng lunas sa krisis sa pagkain, "sapagka't ang Bagyo ay may 20,000 mamamayan lamang, wala pa sa isang maliit na bahagi ng 300,000 mamamayan ng purok ng Bagumbuhay, ang mga naninirahan doon ay paraparang mariwasa at masalapi na ang marami sa kanila'y mga taga-Maynila rin, bukod sa ang mga lupain sa paligid ng Bagyo ay pinagaanihan ng saganang pagkain na panghalili o panulong sa bigas."

Binanggit ni Alkalde Guinto na ang City Hall ay nagpalakad din ng mga "buyer" o tagapamili ng bigas noong Marso at Abril ng taong ito, nagtayo ng 164 na samahan sa pagtutulungan sa buong Maynila, nagtatag ng mga "Timbulan", nagbukas ng mga kusina-angbayan at "mendicant home" at nagbigay ng sarisaring "relief" sa madla. "Gayon man ay hindi siya nakaligtas", ang pagkilala ng Alkalde, "sa mga karanasan ng lahat ng malaking siudad sa daigdig sa panahon ng digma, bagaman ang kalagayan ng Maynila ay hindi kasinglubha ng kalagayan ng marami sa Europa at sa Tsina."

Ibinalita ni Gobernador Militar Guinto na kasalukuyan nang nagaani o malapit nang magani sa maraming lalawigang magpapalay, at ipinahayag niya ang pagasa na "sa dakong Disiembre ay magiging maluwag na tayo sa bigas." Bagaman hindi niya inilahad ang isang tiyak na palatuntunan kung paano maaaring maging maluwag sa bigas ay sinabi ring "pagbaba ng halaga ng bigas ay sapilitang bababa rin ang halaga ng iba pang mga pagkain."

Ipinatalastas ni G. Guinto na ang mga "homeguard" sa Maynila na nagtataglay ng kapangyarihan ng karaniwang pulis ay magsisimula ng panunuparan sa linggong ito. "Inaasahan ko na sila'y makatutulong nang malaki sa pagpapairal ng kapayapaan at kaayusan sa buong Siudad."

Hiniling niya sa mga pinuno ng mga samahang pangkapitbahay na dagdagan nila ang malasakit sa paglilinis sa kanikanilang pook at purok.

"Ang mabibigat na gawain at dalahin sa mga panahong ito ng kagipitan ay hindi makakaya ng isang tao, kahit na ng isang Hercules," ang pagtatapat ni Alkalde Guinto. "Kailangan ang tulong ninyo at ang tulong ng buong bayan.

"Bago ako magtapos ay ibig kong sabihin na kayong mga taga-Maynila ay nagkaroon ng mabubuting alkalde at magkakaroon pa rin kayo ng lalong mabuti sa hinaharap; nguni't maaari kong tiyakin sa inyo na hindi nila malalaluan ang malasakit at pagmamahal sa inyo ng isang Leon Guinto. Hindi ako natutulog. Ginawa ko at ginagawa ang lahat ng maaaring gawin."

Bago ipakilala si Alkalde Guinto ay nagsalita muna si District Chief Bartolome Gatmaitan. Ang lahat ng dumalo ay nagpahayag ng kanilang patuloy na pagtitiwala sa punong tagapagpaganap ng Maynila.—AVH.

Inihayag Ni....

(*Karugtong ng nasa pahina 4*)

unang-una ay ukol sa layuning yaon. Lalong masigasig na pagkilos ang maaaring hintayin sa pagkapahayag ng Batas na Panghukbo (*martial law*) at ng paghawak ko ng lahat ng mga kapangyarihan ng pamahalaan, at sa pagkakahirang sa Kagawad-Bansa sa mga Suliraning Panloob at ng Pinunong Heneral ng Kostabularya bilang aking punong kinatawan at pangalawang kinatawan. Sapagka't ang malaking bahagi ng ating magagawa ukol sa pagpapagaan sa kasalukuyang mga kahirapan at pagtitiis ng ating mga taumbayan ay maaari lamang maisakatuparan, sa pansamantala, sa pamamagitan ng mahigpit na pagpapatupad sa mga pamalakad ukol sa kontrol o pangangasiwa, ang Kagawaran ng Katarungan ay siyang magtataguyod sa paglilinis na ito hanggang ang lahat ng bakas ng katusuhan, kakulangang-asal at masasamang gawi ay mapawi. Ang layunin nito ay ang pagkakaroon ng isang pangkat na naglilingkod sa pamahalaan, tiyak ang karangalan, kakayahan at pagkaunawang lubos sa layuning mapaghimagsik ng mga pagbabago sa kabuhayan at sa lipunan, na siyang magiging unang hanay na nabubuklod sa ating paglakad tungo sa pagpapanibagong-tatag at pagpapanibagong-buhay.

(Itutuloy sa susunod na bilang)

Tiwala Si....

(*Karugtong ng nasa pahina 4*)

Laurel, ay isang tiyak at di mahahalagang kayamanan ng daigdig na dapat ding maging malaya, maligaya at masagana.

Binanggit ng Pangulo ng Pilipinas ang mga pangyayari at dahilan sa pagsasanib ng mga bansa sa Asia na humantong sa paglalagda nila ng makasaysayang pahayag.

"Sa ating mga taga-Silangang Asia," anang Pangulo, "ay nangangahulugan ito ng pagkakaisa ng isang bilyong mamamayan sa panig na ito ng daigdig. Ito'y isang kasunduan natin bilang mga silanganin na sapul ngayon ay ating pamamatnugutan ang pagpapasiya sa ating mga sariling suliranin nang walang pakikialam na pangkabuhayan at pangkapamayanan mula sa labas."

Inilahad ng Pangulo ang limang saligang simulain ng dakilang pahayag, at iya'y ang sumusunod: una, tiyakin sa bisa ng pagtutulungan ang katatagan ng Lupalop ng Sangkasaganaan sa Lalong Malaking Silangang Asia at bumuo ng kaayusang nasasalig sa katarungan at pagkakapantay; ikalawa, tiyakin ang pagkakapatiran ng mga bansang napapaloob sa Lupalop sa paggagalangan sa kapangyarihan at kalayaan ng isa't isa, at ng pagtutulungan at pagkakasundo; ikatlo, paunlarin ang kanikanilang kalinangan at kabihasnan sa pamamagitan din ng pagpipitagan sa katutubo ng isa't isa; ikaapat, sikaping mapatulin ang pagunlad sa kabuhayan sa bisa ng pagbibigayan; at ikalima, makipagkaibigan sa lahat ng bansa sa daigdig at sikhaying mapawi ang pagtatangitangi sa lahi, gayon din itaguyod ang pagpapalitan ng kalinangan upang mapamayani ang kapayapaang pangdaigdig at sa ganyan ay makatulong sa kaunlaran ng sangkatauhan.

Ipinadakip Si....

(*Karugtong ng nasa pahina 4*)

kaparakip sa kanya, si Editor Farolan ay masayang nagsabing "Ako'y nasiyahan sa aking karanasan."

Si G. Farolan ay hinirang ng Pangulong Laurel na gobernador ng Ilokos Norte noong Hunio ng 1944. Nagbitiw siya pagkaraan ng limang buwang panunungkulan upang pamatnugutan ang bagong lingguhang *Republic*. Nabatid sa Ministerio ng mga Suliraning Pangloob na "Sa loob ng limang buwan ay malaki ang nagawa ni Gobernador Farolan."

"Ayokong buhatin ang aking bangko ukol sa aking pangasiwaan," ani Editor Farolan. "Saksi at makapagsasalita ang bayan ng Ilokos Norte. Ang totoo ay napuspos ng ligaya ang limang buwang paglilingkod ko sa aking sinilangang lalawigan."

Yamasita....

(*Continued from page 1*)

ant post on the front and was promoted to a full general in Februa- [illegible]

TOKYO, Nov. 8 (Domei)—Vice-Admiral Densiti Okoti who [illegible] manded the Japanese landing party at the time of the Shanghai Incident in 1937, is now taking command of the Japanese naval forces in that sector, it was revealed in a special communique issued by the Navy Ministry this afternoon. The communique revealed at the same time that the Japanese land-based airforces in the same sector is commanded by Vice-Admiral Sigeru Fukutome and Vice-Admiral Takiziro Onisi.

The text of the Navy Ministry communique follows:

"The supreme commander of the naval forces in the Philippines sector is Vice-Admiral Densiti Okoti and the commanders of the land-based airforce in that sector are Vice-Admiral Sigeru Fukutome and Vice-Admiral Takiziro Onisi."

Lieutenant-General Yasutugu Tominaga, highest commander of the Japanese army airforce in the Philippines was born in Nagasaki prefecture in Kyushu island.

Following his graduation from the Military Academy, he served as a member of the Army General Staff. He was then appointed assistant resident-officer in the Soviet Union and on his return to Japan again was attached to the General Staff.

Lt.-Gen. Tominaga, after serving at the Military Arsenal, was sent to Geneva as a member of the Japanese delegation to the General Armament Limitation Conference and on his return home, was appointed Section Chief of the Army General Staff.

The General then served successively as member of the General Staff of the Kwantung Army, commander of the Second Regiment of the Imperial Guard, Department Chief of the General Staff and a unit commander in Manchoukuo. He was later appointed Director of the Bureau of Personnel and concurrently Chief of the Merit Investigation Department of the War Office.

In March, last year, he became Army vice-minister and resigned in August, this year. Lt.-Gen. Tominaga was appointed to his present post recently.

Gov't to Undertake....

(*Continued from page 1*)

serving vocational tendencies or inclinations will be encouraged, he said.

The competitions shall take place from June 19 to June 19, Rizal's birthday.

In a circular just issued, Dr. Osias announced the new plan as follows:

RECOGNITION OF KAPARIZ MEMBERS' MERITORIOUS ACHIEVEMENTS

The KAPARIZ is committed to the cultivation of the national spirit and the development of exemplary youth—Filipinos intense in nationalism and steeped in virtue. We are seeking to strengthen their spirit by imbuing them with the will to produce, the passion to serve, and a sense of mission. With a view to realizing the objectives of the National Youth Brotherhood, we are organizing the boys and girls, the young men and young women of the Philippines to lead clean, useful, productive, and serviceable lives. As a means toward getting the Filipino youth to live the Rizal Way, members of the KAPARIZ in every village and town are given the opportunity to engage in worthwhile practical activities, physical, vocational, and cultural in order to effect spiritual regeneration. Suitable recognition is to be accorded those who achieve distinction in the varied activities of the "Kabataang Pangarap ni Rizal," or the KAPARIZ, and show promise of good leadership. Of course, it should always be borne in mind that true reward is inherent in every good deed or accomplishment.

In keeping with the life-centered philosophy of education and culture which underlies the program of the KAPARIZ, supervision must be exercised to determine the most deserving among the dutiful members of the organization—those sons and daughters of the Philippines who best exemplify the Filipino way of life. The virtues that are stressed to form good character patterned after that of Rizal are taken into account in adjudging merit. As guide in selecting the most deserving member in each town, city, or provincial chapter of the KAPARIZ, the following Evaluation Card has been devised:

KAPARIZ EVALUATION CARD

	Points	
I. *Character and Nationalism*		
1. Piety (towards God, parents and elders)	5	
2. Honesty and truthfulness	5	
3. Self-reliance and self-direction	5	
4. Loyalty	5	
5. Fortitude and bravery	5	
6. Discipline	5	
7. Neighborliness and self-sacrifice	5	
II. *Achievement*		25
1. Scholarship (average of last 2 years of school work)	10	
2. Leadership	5	
3. Initiative and inventiveness (Special service accomplishments)	5	
4. Perseverance	5	
III. *Earning and productive ability (Industry)*		20
1. Produce (gardens, handicrafts, etc. not in cash)	10	
2. Cash earnings	5	
3. Thrift	5	
IV. [illegible] *physical activities*		20
1. General physical condition, endurance	10	
2. Participation in worthwhile physical activities	10	

In the report for each winner there should be an accompanying statement on the Evaluation Card of special qualifications or accomplishments.

Each year for the period from June 19 to June 19 (the birthday of Rizal) we are to select the most meritorious KAPARIZ boy and KAPARIZ girl in each province or city who is to be awarded a prize of ₱1,000.00. From among the winners of each province or city we shall elect one Outstanding KAPARIZ Young Woman of the year to be awarded a scholarship of ₱4,800.00 to be expended over a period of four years, or ₱1,200.00 a year, to enable the chosen outstanding KAPARIZ Member to pursue studies [illegible] in some suitable branch of learning or activity in the University of the Philippines or some other institution.

KAPARIZ officials and workers are urged to take to heart this feature of the KAPARIZ program to the end that the members of this National Youth Brotherhood may derive the maximum benefits from their membership and render service to themselves and their families, their communities, and the country which Rizal so passionately loved and for which he gave full measure of sacrifice.

The proposed expenditures with which to finance the youth program as recommended to and approved by the President follows:

1. For printing and distribution of KAPARIZ literature and other publications		[illegible]
2. For promotional work in KAPARIZ camps and/or evacuation centers		₱50,000.00
3. For annual contests: Prizes for		
a. Agricultural, handicraft, and other vocational activities to be sponsored by the KAPARIZ—₱1,000.00 for each province and city	₱54,000.00	
b. Literary, musical and artistic competitions or exhibitions	27,000.00	
c. The most deserving KAPARIZ boy in each province or city during the year, at ₱1,000 each	54,000.00	
d. The most deserving KAPARIZ girl in each province or city during the year, at ₱1,000 each	54,000.00	
Awards of Prizes (*c*) and (*d*) will be based on specific points and virtues calculated to determine the most deserving KAPARIZ youth who most approximates a life contemplated by the motto "LIVE THE RIZAL WAY".		
e. Scholarship for the one young man chosen from among the winners in all the provinces and cities, who best exemplifies the motto "LIVE THE RIZAL WAY", at ₱1,200 a year, to pursue advanced studies or work in some suitable branch of learning in the University of the Philippines or some other institution of learning, for a period of four (4) years	₱1,200.00	
f. Same scholarship for one young woman	1,200.00	
Total for prizes and scholarships		₱191,400.00
4. Miscellaneous expenses		58,600.00
5. Reserve Fund [to be deposited under a separate account in order to earn an interest of at least three per cent (3%) per annum] for scholarship awards		100,000.00
GRAND TOTAL		₱500,000.00

₱500,000....

(*Karugtong ng nasa pahina 4*)

lapi sa mga gawain sa pagsasaka, sa mga likha sa kamay at iba pang kasanayang bokasional at pangkabuhayan. Bukod sa rito, ang Kapariz ay nagtatalaga rin ng sadyang halaga sa pagpapaunlad ng mga hilig sa panitikan, musika at ibang magandang sining na abuloy sa kulturang pilipino.

Niliwanag ni Dr. Osias na ang pagkakaloob ng "scholarship" sa mga mapipiling kabataang lalaki't babai ay isasalig hindi lamang sa katalinuhan sa aklat o katalasan ng isip, kungdi gayon din sa mga kahusayan sa gawain sa kamay at ibang hilig na bokasional.

Ang mga paligsahan ay tatagal nang isang taon mula sa Hunio 19 hanggang Hunio 19, kaarawan ng bayaning Rizal.

Ang buong palatuntunan ng mga paligsahang ito ng Kapariz ay mababasa sa mga dahong ingles nitong *Republic*.

Hiraming....

(*Karugtong ng nasa pahina 4*)

da at isang pangbata, upang magamit ng mahihirap na tagaron nang walang bayad, at maiwasan ang pagupa ng namatayan nang mula sa P300 hanggang ₱500. Ang Punongnayong Alberto T. Castro ay sumangayon na ang dalawang kabaong ay malagak na muna sa kanyang tanggapan, at doon kunin at ibalik [illegible] maralitang kasaping may patay. Ang mungkahi sa pagkakaroon ng mga hiraming kabaong ng baryo ay iniharap ng Pangulo ng Samahang Pangpook Blg. 3-33.

Day And Night....

(*Continued from page 1*)

And when the Red Cross helps, it extends such aid with a full heart, all for humanity's sake.

As far as the first aid phase of its activities is concerned, it can be said that without the Red Cross, the first aid activities of the Civilian Protection Service would be seriously handicapped. Only the Red Cross has ambulance service today in the city. Aside from having trained more than 200 first-aiders in the city, and training a similar number, the Red Cross is a prime factor in the protection of civilians during air-raids because of its ambulances. During air-raid alerts, the paid as well as volunteer workers who man the four ambulance units of the Red Cross stand ready for 24 hours.

The Red Cross brings the air-raid victims to the nearest hospitals, and follows up the cases until the victims are fully recovered.

"Genuwine" TAYOTAYOISMO

Masasabing napanuto ang pagrarasion ng mga pangunang kailangan ng dating NARIC at PRIMCO sa pamamagitan ng mga pinuno ng mga samahang pangkapitbahay. Lahat ng mamamayan sa Maynila ay kasapi ng mga samahang ito, kaya bawa't maganak ay tumatanggap noon ng kaukulang rasion.

Nang matatag ang BIBA at NADISCO ay sinasabing nagsimula naman ang pagtatangitangi at kaguluhan. Halos bawa't kagawaran at kawanihan ng pamahalaan ay tuwirang kumuha at namahagi ng rasion ukol sa kanikanyang mga pinuno't kawani, at marami sa mga ito ang patuloy pa ring kumukuha ng rasion mula sa mga kinaaanibang MCCA. May ilang samahang pangpamahalaan na itinatag sa layong mangalap, humanap, magtipon at mamili ng mga pagkaing maipamamahagi sa bayan, sa puhunan ng pamahalaan, na ang nabibili't nakakalap ay halos sapatsapat lamang na ipangrasion sa kanilang mga kawani at maliit na pulutong ng mga kaibigan.

Bunga nito ay di kakaunting panahon, papel, panggatong at gawain ang nasasayang, na nangangahulugan ng dagdag na pagkaaksaya ng salapi ng gobierno at ng bayan. Bukod sa riyan ay lumilikha ito ng di kasiyahan ng madla, pagka't nakikitang lagi nang "nauuna" at "mahusay" ang rasion ng mga taongpamahalaan.

Yamang ang tanang mamamayan ay kaanib ng mga samahang pangkapitbahay, at sa Maynila ay may sapi naman sa MCCA, naniniwala kaming dapat matiwala sa isang institusion at maalinsunod sa isang pamamaraan na lamang ang pagrarasion ng mga pangunang kailangan sa lahat, iya'y sa pamamagitan nga ng mga samahang pangkapitbahay. Ang labis na agap ng maraming tanggapan at pinuno ng pamahalaan, upang tuwirang makakuha at mabahagihan ng rasion ang kanikanilang mga tauhan, ay sadyang magaling para sa kanilang mga tauhan, nguni't nakapipinsala sa bayan sa kabuuan, at bumubuhay sa isinusumpa at dapat nang itakwil na *tayotayoismo* sa pamahalaang pilipino. (30)

NILULUNASAN ANG TAGGUTOM SA MAYNILA, ANI GUINTO

TIG ₱10 AT ₱12 DIN ANG NIYOG KAHIT MAY UTOS ANG ALKALDE; 20,000 SINAMSAM NG PULISIA

Patuloy din ang halaga ng niyog sa Maynila sa ₱10 at ₱12 ang isa. Isang kinatawan ng *Republic* ang naglibot noong Biernes at Sabado sa ibaibang pamilihan ng Siudad, gayon din sa mga ilog na tinitigilan ng mga kasko ng niyog sa Tetuan, Divisoria at Reina Regente, at tumawad pa rin sa ilang kariton ng niyog na inilalako sa mga lansangan, at siya'y sinagot ng "Sa Laguna at Tayabas ka makabibili ng niyog na tig-₱3".

Samantala, ipinatalastas ng City Hall noong Sabado na ang Konstabularia Metropolitana ay nakasamsam nang 20,000 niyog na ipinagbibili nang mataas sa tatlong piso. Pagkasamsam, ang mga niyog na ito ay ipinagbili ng pangkat sa kabuhayan ng Pulisia sa halagang itinakda ng Gobernador Militar ng Maynila.

Napansin na ang unang bisa ng ganitong hakbang ay hindi ang pagkamura ng niyog, kungdi ang biglang pagkawala ng niyog sa lahat ng panig ng Siudad. Noong Sabado at Linggo ay walang natagpuang nagtitinda ng niyog saan man.

Upang masugpo ang labis na panghuhuthot sa niyog, ipinagutos ni Gobernador Militar Guinto na ang niyog ay ipagbili sa Maynila nang tig-₱3 at bawa't tao ay makabibili nang hanggang anim na niyog. Kasabay nito ay inatasan ni G. Guinto ang Pulisia na manmanan ang pamilihan ng niyog at samsamin ang lahat ng itinatanging ipagbili sa halagang kanyang itinakda.

Sa loob ng dalawang araw, ang kinatawan ng *Republika* ay nabigo sa kanyang paglilibot upang bumili ng niyog na tig-₱3. Kung hindi siya turingan nang tig-₱10 at ₱12, ayon sa laki ng niyog, ay sinasabi ng may-ari na nabili na o hindi ipinagbibili. Ni ang mga tindahan ng MCCA ay walang tindang niyog, at ang mangilangilang mayroon ay ayaw ibigay sa ₱3, pagka't mataas umano ang kanilang puhunan.

Nakita ng kinatawan ng *Republic* na ano mang utos sa pagpapababa ng halaga ng mga pangunang kailangan sa Siudad ay dapat sabayan ng totohanang pagpapatupad, at kung hindi ay mananatiling utos lamang na nakasulat sa papel.

Ipinagtanggol ni Gobernador Militar Leon G. Guinto ang kanyang pangasiwaan sa Maynila sa pagsasabing "hindi ako natutulog" nang magsalita siya sa harap ng 300 punongnayon, pangulong pangpook at patnubay ng mga samahang pangkapitbahay sa Tundo noong Martes ng hapon.

"Nilulunasan ang kahirapan ng Maynila. Hindi ako papayag na malupig tayo sa ating pakikidigma sa gutom," ang tahas na sabi ng Alkalde. "Ginawa ko at ginagawa ang lahat ng maaaring gawin. Iyan ang sanhi kung bakit ako'y nasa piling ninyo, at nagtitiis din ng gutom na katulad ninyo sa sahod na ₱500 isang buwan. Madali ang umiwas sa tungkulin at magpayaman sa Buy and Sell, nguni't iyan ay hindi namin binalak kailan man."

Isang ultimatum ng Gobernador Militar Guinto ang ipinadala sa mga pinuno ng mga himpilan ng Pulisia upang linisin ang mga tabingdaan at liwasan ng Siudad sa mga mesa ng pagkain, mesa ng sugalan at naglisaw na naglalako ng mga lumang kasangkapan. Ang pinuno ng Pulisiang hindi makagawa ng paglilinis sa takdang panahon ay papalitan at pipigilin sa tungkulin sa loob ng 15 araw.

"Ang pagkain ng isang angaw na tao at kalahati sa Maynila," ang patuloy ni Alkalde Guinto, "ay siyang tanging suliranin sa pagkain ng Republika. Sa mga lalawigan ay walang tagsalat o krisis, at tumbalik sa dati, ang mga taga-lalawigan ay siyang mariwasa ngayon. Walang nagtitiis ng hirap kungdi tayong mga taga-Maynila."

Kanyang sinabi na ang Pangulong Laurel ay may malaking malasakit sa kapakanan ng bayang Maynila, kaya ang pamahalaang pangbansa ay siyang naguna sa paghanap ng mga kaukulang lunas. Sa pasimula ay itinatag ang *Food Administration*, sumunod ang BIBA, ang NADISCO at NAFERCO, nilikha ang *Economic Police* at mga MCCA, at nitong huli'y ang Ministerio ng mga Suliraning

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

"Handa Ako Sa Labanan," Yamasita

Si Heneral Tomoyuki Yamasita, ang tinatawag na "Tigre ng Malai" at mangdirigma ng Nipon na nagpasuko sa Singapor, ay siya ngayong bagong ktt. pinuno ng Hukbongkatihan sa Pilipinas.

Si Bise-Almirante Densiti Okawauti na nagkaroon ng kabantugan sa mga labanan sa Sanghay ay siya namang bagong puno ng Hukbongdagat sa purok na ito ng digmaan.

"Naparito ako upang lumaban", ang unang bati ni Heneral Yamasita sa mga mamamahayag nang dumating siya nang linggong nagdaan na sakay ng isang aeroplano.

Nagpamalas ang mabunying Heneral ng paggiliw sa mga pilipino at sinabing nasa kanila ang kanyang "taimtim na pagtingin", sapagka't "ipinasiya ng Amerika na ang Pilipinas ay maging larangan ng digma at iumang ang bayan sa mga kapanganiban, samantalang ang Pilipinas ay babago pang nagsasarili."

Sa ganang kanya, ang mga pilipino ay "para ko ring mga kababayan" at napansin niyang ang kagandahan ng kalikasan sa lupaing ito ay may malaking pagkakatulad sa mga katutubong kariktan ng Hapon.

Sa mga unang araw ng digmaan sa Pasipiko noong 1942 ay madaling napasuko ni Heneral Yamasita ang kuta ng Singapor na ipinagmamalaki ng Bretanya. Ang bagong Ktt. Puno ng Hukbongkatihan ng Hapon ay nagpahayag ng pagasa sa mabisang pagtatanggol sa Leyte at sa ibang bahagi ng Pilipinas.

Nabatid din na si Teniente Heneral Yasutugi Tominaga ay siyang pinuno ng lakas sa himpapawid ng Hukbongkatihan ng Hapon sa Pilipinas.

₱500,000 Na Inilaan Ng Kapariz Sa Piling Kabataan Ng Bansa

Isang paligsahang pangbansa sa paghirang ng mga kabataang namumukod sa katalinuhan, kalusugan at kakayahan sa mga gawaing bokasional ang itataguyod ng Kapariz at pinaglaanan ng ₱500,000 ukol sa mga pagpapaaral, gantingpala at iba pang kailangang gugulin.

Ang malawak na palatuntunan na naglalayon ng pagpapaunlad ng kabataang pilipino ay inihanda at iniharap ni Ministro Camilo Osias ng Pagtuturo na siya ring pangulong pangbansa ng Kapariz, at pinagtibay naman ng Pangulong Jose P. Laurel. Ang malaking halagang inilaan sa kilusang ito ay tutustusan ng ₱500,000 na handog ni Embahador Murata sa Republika ng Pilipinas.

Ang palatuntunang itinagubilin ni Ministro Osias na kapagtitibay pa lamang ay sumasaklaw sa isang malaking gawaing pangbansa na naglalayong "bungkalin ang diwang pangbansa at paunlarin ang ulirang kabataan—mga pilipinong tigib ng pagkamakabayan at puspos ng kabaitan" nang alinsunod sa huwarang buhay ni Rizal.

Ipinalalagay na ang magdudulot ng malaking kasiglahan sa kilusang ito ng mga kabataan sa buong bansa ay ang pagkakaroon ng uring paligsahang panglahat sa pagpili ng mga namumukod na kabataang lalaki't babai sa bawa't lalawigan at siudad, na gagantingpalaan nang tig-₱1,000, gayon din ang pagpili pa ng mga karapatdapat na batang lalaki't babaing pagaaralin sa Maynila, sa gugol ng Kapariz, sa loob ng apat na taon.

Ang palatuntunan ng dakilang paligsahang ito ay naglalaan din naman ng mga gantingpalang sa-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

ABALA SI GNG. LAUREL SA PAGTULONG SA DUKHA

Ilang araw na iniukol ni Gng. Jose P. Laurel at ng kanyang mga anak ang kanilang panahon sa mga gawain sa pagtulong sa mga mahihirap ,gaya ng paghahanda ng damit at pagkaing ipinagkaloob sa mga balo at ulila ng digma, sa mga hikahos at iba pang tangkilik ng mga samahan sa kawanggawa.

Si Gng. Laurel ay tumulong sa mga kilusan ng Konseho ng Kababaihan, Kawanihan ng Kababaihan ng Kalibapi, at iba pang samahan ng mga babai sa Maynila.

Sugpuin Ang Gulo Iniutos Ni Sison

Agarang pagsugpo sa mga pagbabangon at kaligaligan at mabigat na parusa sa mga dapat managot ang ipinagutos ni Ministro Teofilo Sison ng mga Suliraning Pangloob, sa kanyang pahatidkawad sa lahat ng komisionado at gobernador ng mga purok na Militar sa Pilipinas.

Si Ministro Sison ay siyang punong kinatawan ng Pangulo at inspektor heneral ng ley marcial, kaya nasa mga kamay niya ang mahalagang gawain sa pangangalaga ng kapayapaan at kaayusan sa buong bansa .

Ipinagunita ng Ministrong Pangloob na ang pagtataksil sa Republika ay lalapatan ng parusang kamatayan o pagkabilanggong habang buhay.

"Ang sino mang tao, na may kautangang pagtatapat sa Republika ng Pilipinas, at hindi isang dayuhan," ayon sa patalastas ni Ministro Sison, "na lumaban sa kanya o makisanib sa kanyang mga kaaway, tumulong at magbigayluwag sa kanila, ay magkakasala ng pagtataksil, at parurusahan nang pagkabilanggong habang buhay at magmumulta nang hindi hihigit sa ₱20,000."

IPINADAKIP NI GUINTO SI EDITOR FAROLAN NITONG "REPUBLIC"

Si Modesto Farolan, editor at tagapangasiwa ng *Republic*, ay ipinadakip ni Gobernador Militar Leon G. Guinto dahil sa editorial sa huling bilang ng tinurang linguhan na may pamagat na "Manila's Food Situation" (Ang Kalagayan ng Pagkain sa Maynila).

Sa nabanggit na editorial ay binibigyang sala ang pamahalaan ng Maynila sa kasalukuyang taggutom na dinaranas ng isang angaw at kalahating mamamayan sa pangulonglungsod ng bansa.

Si G. Farolan ay dinakip ng dalawang tiktik ng BI sa kanyang tanggapan sa Jai Alai noong Martes ng hapon, at siya'y inihatid sa tanggapan ng Gobernador Militar sa City Hall. Hindi siya iginapos ni "binembang" nguni't hinagupit ng mahahayap na pangungusap at mariing inalimura ni Gobernador Militar Guinto. Pagkaraan ng mahigit na isang oras ay pinahintulutan nang makauwi ang editor ng *Republic*.

Sa isang pulong sa Bagumbuhay na pinagsalitaan ni Alkalde Guinto nang hapon ding yaon ay kanyang tinuligsa si Editor Farolan at ang *Republic*. "Si G. Farolan ay naging gobernador sa Ilokos Norte at isang linggo lamang ay hindi na malaman kung susuling sa kaliwa o sa kanan, kaya karakarakang nagbalik sa Maynila. At ngayon ay siya ang ating kritiko. Ipinadakip ko ang magaling na periodistang ito at yamang ngayon ay walang *habeas corpus* ay matitikman niya ang tindi sa tindi."

Nang tanungin ukol sa pagka-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

Tiwala Si Laurel Sa Tibay Ng Asia

Makapagtitiwala ang mga lahi sa Asia sa pangwakas na pagkatatag ng angkan ng mga bansa sa dakong ito ng daigdig na buklod ng matibay na pagkakapatiran, sinabi ng Pangulong Jose P. Laurel sa kanyang talumpati ukol sa ikasangtaon ng Magkakalakip ng Pahayag ng mga Bansa sa Lalong Malaking Silangang Asia na binigkas sa Malakanyang at ikinalat ng radio sa buong daigdig noong Lunes ng gabi.

Ang nagkakaisa, malaya at masaganang Lalong Malaking Silangang Asia, ayon sa Pangulong

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

₱200,000 ANG PUHUNAN NG MCCA EXCHANGE INC.

May puhunang ₱200,000, ang MCCA Exchange Inc., samahan sa pangangalakal na itinatag ng mga manadyer ng mga Samahan sa Pagtutulungan sa Maynila, ay naghalal ng kanyang lupon pamunuan noong Huebes. Ang nahalal ay sina: Mateo Herrera, pangulo at tagapangasiwang panglahat; Pedro Casimiro, ingatyaman; Julio C. Poblete, kalihim; Ricardo H. Sevilla, Juan P. Juan, Guillermo Ronquillo, Gng. C. P. Syquia, Crispin S. Gonzales, Lorenzo Onrubia at Enrique Rimando, mga kagawad.

NAHALAL ULI SI FDR

Madaling tinalo ng Pangulong Franklin D. Roosevelt ang kanyang katunggali sa panguluhan ng Estados Unidos na si Gobernador Thomas Dewey ng New York, sa halalan noong ika-7 ng Nobiembre, ayon sa isang pahatid-kawad ng *Domei*. Ito ang ikaapat nang pagkakahalal kay Roosevelt, kaya siya'y magsisimula sa 16 na taong paninirahan sa Gusaling Puti.

TALUMPATI NG PANGULO

INIHAYAG NI LAUREL ANG BALANGKAS NG NAGSASARILING BAGONG PILIPINAS

(Karugtong ng talumpati ng Pangulong Jose P. Laurel na binigkas sa pagdiriwang sa kaarawan ng pagsasarili ng Pilipinas noong ika-14 ng Oktubre)

Malapit na kaugnay ng produksiyon at pagtitipon ay ang suliranin ng sasakyan. Tungkol dito ay nagkusa na naman ang Pamahalaan sa pamamagitan ng Kagawaran ng Gawaing-bayan at Pahatiran, at nagtatag ng "Land and Maritime Transportation Company" o "Samahan ng Sasakyan sa Lupa at sa Dagat." May mga sasakyan nang nagyayao't dito sa Gitnang Luson at binabalak sa kasalukuyan ang pagpapalawak sa dakong hilaga at timog.

Mangyari pa, ang isang pinanukalang kabuhayan ay maitataguyod lamang sa pamamagitan ng isang pamamaraan ng pagtatakda at pangangasiwa o kontrol na buong husay na isinasagawa at ligtas sa masasamang palakad. At sapagka't ang Pamahalaan ay siyang kinakailangang mangasiwa at magpabisa sa pamamaraang yaon, ay nararapat na ang tauhan ng pamahalaan ay papagtaglayin ng isang mataas na uri ng kahusayan, kalinisang-loob at katapatan sa tungkulin, bukod pa ang karangalang-asal o moralidad ng mga naglilingkod sa bayan. Pinasimulan ko ang isang masaklaw at masinsinang paglilinis sa Pamahalaan, lalo na sa kanyang mga sangay na may tuwirang kaugnayan sa pagpapatupad ng mga pamalakad sa kontrol o pangangasiwa. Ang gawain tungod dito ay naging lalong madali sa pamamagitan ng pagkakaloob ng batasan ng mga kapangyarihang pangkagipitan sa Punong Tagapagpaganap at sa tulong na ibinibigay ng Kawanihan ng Pagsisiyasat na aking nilikha

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)

HIRAMING KABAONG NA INIHANDA UKOL SA MGA MARALITA SA TUNDO

May sarisaring kuento ukol sa mga taong naghanda ng sariling kabaong bago mamatay.

Noong araw, ang lalong dukha ay nakatitiyak na magkakapantay ang kanyang mga paa sa loob ng isang kabaong. Ngayon ay hindi na, sapagkat kung paanong magugol ang mabuhay ay gayon din ang mamatay. Ang gastos lamang sa isang karitelang gagamitin sa paglilibing ngayon ay higit pa sa buong gugol sa puneraria, transportasion, mga korona at lupang pagbabaunan sa dating panahon.

Ang isang mahirap na malagot sa mga araw na ito ay iniaalkila na lamang ng kabaong, ₱300 hanggang ₱500, at pagdating sa libingan ay inaalis sa ataul, at ibinabaon nang nakabalot ng lumang banig o sako. Ang kabaong ay binabawi ng puneraria.

Pagtugon sa ganitong kagipitan, ang nayong Sunog-Apog sa Bagumbuhay ay nagpahanda ng dalawang kabaong, isang pangmatan-

(*Nasa pahina 3 ang karugtong*)